

# ♥TITIG♥

Dahil sa usapang titigan kami kanina ni Dong Saeng. Nakagawa tuloy ako ng Short Story.  
HAHAHA! \*O\* Sa totoo lang ONE SHOT dapat to, kaso ewan ko biglang humaba ng konti eh.  
HAHAHA XDD

Anyway~

ENJOY READING :D

**VOTES AND COMMENTS** are HIGHLY APPRECIATED <33

=====

## ***CHAPTER ONE: STARING GAME***

Tsk! Walang wala talaga yung mga nakakalaban ko lagi. WEAK!

Sabagay? Sino ba naman ang makakatalo sa akin? Eh samantalang titig ko palang nakakamatay na. HAHAHA! Echos XDD

Dito kasi sa Room namin, ako ang Pinakamagaling sa Titigan sa Mata. Hindi ko alam pero basta!

Ang tawag namin sa laro na yun ay "Staring Game"

Kung sino ang unang pumikit, yun ang Talo :) Ganun lang. HAHAHA! x))

Eh ako parang sanay na talaga sa matagalang pagdilat kaya siguro nananalo ako XDD Eh kapag talo pa naman may ipapagawa sayo yung nakatalo sayo, or hihingi ng favor. Basta ganun! May kaparusahan.

Kaya ayaw na nilang makipaglaban sa akin, bwahaha! Siyempre pag talo sila ang gusto ko lang naman ay ilibre nila ako kapag recess time na, worth P30 HAHAHA XDD

Odiba? Kaya nga masaya ako kapag may hahamon sa akin eh, siyempre menos gastos kapag recess ^\_\_\_\_\_^

**"EZRAAAA!! May nanghahamon sayo ohhh!! Matatalo ka na daw niya this time."**  
napatingin naman ako sa tumawag sa akin, si Monica pala :) Naging bestfriend ko lang siya last year mula nung malapit ako sa section nila.

**"Sino yung nanghahamon?"** sabi ko ng maangas at tumayo sa kinauupuan ko.

**"OHH! AYAN NA ANG STARING QUEEN! WHOOOO!!!"** sigawan ng mga kaklase kong lalaki tapos nagpalakpakan sila. Mga baliw talaga.

**"Si Anthony daw!"** sigaw ulit ni Monica. **"Aba aba! Seryoso na siguro yung mokong na yun! Lagi ba naman natatalo ni Ezra eh! HAHAHAHA!"** sabi ng pinakamaingay kong kaklase na lalaki si Leo.

**"PRE! Sinabi mo pa! Eh bankrupt na ata yun eh! HAAAAAAAA!"** dagdag pa nung kaklase kong lalaki super ingay din pero kilala siya sa pinakamakulit, si Emman.

Lumapit na ako sa harapan, dun kasi sa desk nung teacher ginaganap yung game. Nakatayo lang kayo tapos ibababa niyo yung dalawang siko niyo tapos yung mga kamay niyo nasa mukha.

Kumbaga nakapangalumbaba lang kayo habang nakatitig sa isa't isa. Pero siyempre medyo malapit dapat ang mukha niyo sa isa't isa para kitang kita niyong dalawa kung sino yung matatalo sa inyo.

Nakita ko na kakapasok lang ni Anthony sa room, galing atang C.R.

Natawa na lang ako. Tama sila, lagi ko siyang natatalo at nawawalan siya ng baon tuwing recess dahil sa akin. HAAAAHA! XDD Pero si Anthony yung pinakamahigpit kong kalaban, sa totoo lang one time nga muntikan na ako matalo eh, pero dahil nauna siyang pumikit talo nanaman siya. HAAAAHA XD

**"Tatalunin na talaga kita."** sabi niya. **"Seryoso ah!"** sabi ko. **"Dalian niyo na! Mamaya pumasok na yung teacher sa next subject natin eh!"** pagrereklamo ni Monica.

**"Oo nga! Sungit pa naman nun! Para bang lagi laging meron."** sabat ni Leo. Tumawa naman si Emman ng malakas at nagtanong. **"Unlimited kaya yung supply ng napkin ni Ma'am?"** tapos nagtawanan lahat ng mga kaklase ko siyempre kasama ako.

**"G\*gi ka talaga Emman!"** sabi ni Monica sa kanya. **"CRUSH MO NAMAN!"** sagot naman ni Emman kay Monica kaya napatahimik si Monica.

**"AYIIIIIIIIIIIIII!!!!!!!"** sigaw ng mga tao sa loob.

**"SHHHHHH! Ang iingay niyo!"** sigaw ko kaya napatahimik naman sila, tapos napangiti sa akin si Monica atleast natigil na ang issue sa kanila ni Emman.

Kalat na talaga kasi sa Room namin na may Crush si Monica kay Emman, kaso lagi namang tinatangi ni Monica. Pero totoo talagang crush ni Monica si Emman hindi lang crush FIRST LOVE pa, since 2nd Year pa nga eh, lagi kasi silang sabay umuwi, tapos hindi niya napansin na unti unti na palang napapalapit yung loob niya dito kasi nga sobrang kulit nito at talagang walang araw na hindi siya tatawa kapag kasama niya yun. Naishare niya na sa akin yun dati.

Pero nung nalaman niya na nainlove siya kay Emman, ayun? Unti unti siyang lumalayo kasi ayaw niya na mas lalo pang lumalim yung nararamdaman niya kasi alam niya na puro kalokohan lang talaga alam nun ni Emman.

Baka nga daw hindi alam nun ang salitang "LOVE" eh.

Tapos yun? siyempre as bestfriend sinasabi ko din na hindi naman talaga crush ni Monica si Emman. Nyahaha! Yun kasi gusto ni Monic eh, saka gusto niya na nga matapos yung issue na yun.

Back to the reality...

Nagpangalumbaba na si Anthony kaya gumaya na ako.

**"Start"** sabi ko ng mahina. Nakatitig lang ako sa kanya at nakatitig lang siya sa akin. Nakangiti ako dahil nakakatawa yung mukha niya, masyado niya talagang sineseryoso.

**"Uyy, ngumingiti si Ezra! Type mo si Anthony noh?!"** pang-aasar ni Leo, di ko na lang pinansin.

**"PUMIKIT SIYA!!!!"** sigaw ko. **"WHOOOOOOOOOO!!!!!!!!!!!!!!"** narinig kong hiyawan ng mga kaklase ko. Yung iba ay nagpalakpakan pa. Nahapahawak nalang sa ulo si Anthony kasi talo nanaman siya. BWAHAHAH x)))

May mga tumapik sa likod ko. **"Galing talaga ni Ezra! IDOL!"**

**"ANDYAN NA SI MA'AAAAAAMM!!!"** sigaw ng kaklase ko mula sa labas. Tawag namin sa kanya ay the "SPY" kasi siya yung taga abang kung malapit na ba yung susunod naming teacher.

Lumapit ako kay Anthony. **"Meryenda ko mamaya ah!"** sabi ko at bumalik na sa upuan ko.

\*\*\*\*

**"Lahat talaga yan** (sabay turo sa mga pagkain) **kakainin mo?!!**" sabi ni Anthony sa akin na hindi makapaniwala. Tumango na lang ako at kumain ng kumain.

**"Grabeng tiyan yan!"** natawa na lang ako sa sinabi niya. **"Sabi ko sayo wag mo na akong hahamunin eh, mauubos lang talaga pera mo."** sabi ko.

**"Gusto kasi talaga kitang matalo eh, ano bang technique mo dun?"** tanong niya. Umiling ako. **"Wala? Di nga?"**

**"Oo nga sabi! Wala nga."** pinagpatuloy ko na lang yung pagkain ko. Pagkatapos nun sabay na kaming bumalik sa room.

**"Nagdate nanaman sila oh. Yieeeee"** pang-aasar ng isa kong kaklase. **"Ano ka ba! Uso na talga yung date! Valentines na kaya bukas!"** sabi ni Leo dun sa nang asar kong kaklase. Tumingin siya kay Anthony. **"Musta date Anthony? Ubos nanaman pera mo noh? HAHHAH!"**

Hindi lang siya pinansin ni Anthony at umupo na.

**"Sus Leo! Nung natalo kita, ubos din pera mo!"**

Nagtawanan naman yung iba kong mga kaklase. Barado eh. XDD

Asan na pala yung bestfriend ko?

**"Si Monica pala?"** tanong ko kay Emman. **"May tumawag sa kanya kanina."** inis na pagkakasabi sa akin ni Emman. Sino kaya yung tumawag?

**"EZRAAAAAAAAAAAAAA!!!"** napatalon ako sa gulat dahil sa sumigaw. Napatingin naman agad ako sa likod ko, at nakita ko si Monica na nakahawak sa magkabilang side ng pinto at hingal na hingal.

**"Anong nangyari?!"** tanong ko na may halong pag-aalala sa kanya. **"May humahamon nanaman sayo!"**

Lumapit ako sa kanya at binatang siya. **"ARAY KO NAMAN!"** pagrereklamo niya. **"Para kang timang eh, kala ko kung ano na nangyari sayo! Sino ba yung humahamon?"**

Lumapit si Monica sa akin at bumulong.



*"Si Aldrin."*

**"ANO?!"**

## *Chapter Two: Lucky 13*

### **Ezra's POV**

Napasigaw na lang ako dahil sa sobrang gulat. **"Siya nga sabi! Hindi ko nga alam kung paano niya yun nalaman eh."** pagpapaliwanag ni Monica waaaaahhh!

I'm Dead~ >\_\_\_\_\_<

Si Aldrin ay isang matalino at gwapong nilalang dito sa School namin. Kaso hindi ko siya kaklase ngayon kasi nasa Star Section siya.

Kaya din ako nagulat kasi..

*Nainlove kasi ako dun.*

Actually kaklase ko siya nung 1st year and 2nd year, pero nung last year and ngayong 4th year hindi na kasi nalipat nga ako dito sa section B.

Tinamad kasi akong mag aral lol xDD

Nainlove ako dahil siya yung tipong tahimik lang, pero mabait ito kapag nakausap mo. Siya din yung nalalapitan ko kapag nahihirapan ako sa mga subject na hindi ko maintindihan. Specially MATH.

"**Sure ka talaga?**" sabi ko padin na hindi makapaniwala. "**Oo nga, bukas daw ng recess.**" sabi ni Monica.

"**CLASS! TAKE YOUR SEAT!**" sigaw ni Ma'am. Andito na pala siya.

Halos nanlumo akong umupo. Manalo kaya ako? =\_\_\_\_\_ =

**Monica's POV**

Nung nag uwian na, nagpaalam muna ako kay Ezra na dadaan ng Library. Mayroon kasi akong libro doon na gustong gusto kong basahin. Nakakarelate eh? hahaha. xD

Excited na nga ako magbukas eh. Kasi maglalaban si Aldrin at Ezra, kaexcite! \*O\* At pag natalo si Ezra! Grabe first time in the HISTORY yun! XDDD

Pagkapasok na pagkapasok ko ng Library ay agad akong pumunta dun sa favorite kong pwesto ng pagbabasahan. Nilapag ko mga gamit ko at dumeretso doon sa book Shelf kung saan nakalagay yung favorite kong book.

Nung hinanap ko ay hindi ko padin makita.

**"Teka, dito ko lang iniwan yun ah."** sabi ko ng mahina. **"eto oh.."** nakita ko siyang kinuha niya ang libro sa medyo mataas na lagayan. Kaya pala hindi ko makita iba na pala yung lagayan nun.

**"Salamat."** yun lang ang sinabi ko at bumalik na sa upuan.

Tokwa naman oh?! Bakit ba sya nandito. Nako Monica wag na lang pansinin =\_\_\_\_\_ =

Binuksan ko na yung libro at --

Hindi ko na natuloy ang pagbabasa dahil tinakpan niya ng kamay niya yung libro. "**Ano bang problema mo?**" medyo inis kong pagkakasabi inalis ko yung kamay niya at nagsimula ulit magbasa.

"**Antaray naman!**" hindi ko nalang siya pinansin at pinagpatuloy padin ang pagbabasa.

"**Nahawa ka na ata kay Ma'am Menopause eh! Tsk tsk! Sabi ko na nga ba nakakahawa yung Virus nun, simulan mo ng mag-ipon para magkaron ka din ng Unlimited Supply of Nap--**" bigla siyang napatigil at may tinignan. Napatingin naman ako sa tinignan niya.

Si Ma'am Menopause pala medyo malapit lang pala sa amin at ngayon ay nakitingin sa amin ng masama.

Napatingin ako kay Emman na parang ninenerbyos, kaya natawa ako sa mukha nito. Napatingin naman siya sa akin nung tumawa ako kaya agad agad akong tumingin na lang sa librong binabasa ko.

Nakita ko siyang tumayo.

"**Hi Ma'am! May assignment po ba tayo bukas?!**" sabi ni Emman ng masaya. "**Wala! Hindi ka talaga nakikinig sa akin.**" sabi ni Ma'am.

Tapos biglang yung buong kamay niya pinaheartshape niya sa ulo. Yung parang Mcdo style. Ganun!

**"SORRY PO Ma'am! Makikinig na po talaga ako next time! I LOVE YOU!"** pagkasabi nun ni Emman ay lumabas na lang si Ma'am sa library. Nakita kong inis na inis ito.

Umupo ulit si Emman. **"Nakita mo yun?"** pinagpatuloy ko padin ang pagbabasa kahit hindi ko na tlaa maintindihan yung mga binabasa ko. Tapos bigla siyang tumawa ng tumawa. Kaya napatingin ako sa kanya, pero yung tawa niya ay yung pinipilit na pahinain kasi nga nasa library kami.

Hindi ko nadin mapigilan at tumawa na din ako pero mahina lang, yung mukha niya kasi pulang pula na sa kakatawa. Dagdag mo pa yung kalokohang ginawa niya.

**"Kasi haha alam mo ba haha.. hindi pa kasi nagkaka boyfriend yun. Walang nag sasabi sa kanya ng I love you. Hahahaha! Kaya kapag sinabi mo yun kay Ma'am maiinis talaga siya."** tapos tumawa nanaman siya tapos napasubsob na siya sa lamesa.

Bigla akong napatigil sa pagtawa kasi nakita ko ulit si Ma'am Menopause na pumasok ulit sa library, this time papalapit siya sa amin.

**"Yung mukha kasi ni Ma'am HAHAHA!.** (Hindi na ako makapagreact kasi nasa harapan ko na si Ma'am tapos biglang inangat ni Emman yung ulo niya) **Lalo na yung sa ilong** (sabay turo sa ilong niya) **Lumalaki yung Butas!"** tapos tumawa siya ng sobrang lakas tapos tumalsik pa yung laway niya kaya tumawa na din ako at this time ang lakas din ng pagkakatawa ko.

**"MONICA AND EMMAN! GO THE THE GUIDANCE ROOM!!!!!"** bigla kaming napatigil sa kakatawa, kasi sumigaw na si Ma'am. Oo nga pala andito pala siya.

Napatingin kami ng sabay kay Ma'am.

"NOW!!!!"

\*\*\*\*\*

**"Kainis ka! Dinamay mo pa ako!"** pagrereklamo ko kay Emman. Andito kaming dalawa sa Guidance room at pinagsusulat sa Limang Intermediate Paper.

"I will never insult our Teacher Again"

"I will respect our Teacher"

Ganyan yung susulatin = \_\_\_\_\_ =

**"Di mo naman kasi sinabi na andun na si Ma'am."** sabi niya habang nagsusulat. **"Eh paano ko kaya masasabi nakayuko ka tapos nasa harapan ko na si Ma'am, nakakatakot kaya."** sabi ko.

**"Eh bakit ka tumawa?"** bigla nanaman akong tumawa ng konti kasi naalala ko nanaman.  
**"Tumalsik kasi yung laway mo! Natalsikan pa nga ata si Ma'am eh. Haha!"**

**"Ayy talaga?"** sabi niya sabay tawa. Baliw talaga.

**"Hooy kayo diyan?! Tuwang tuwa pa ata kayo ah? Gusto niyong dagdagan ang susulatin niyo ha?"** sabi nung Guidance Councilor namin.

**"Sorry po!"** sabi ni Emman. Nagsimula na lang ulit kami magsulat.

**"Babalik ako dito ah! Wag niyo subukang tumakas, kundi papatawag ko na mga magulang niyo."** pagbabanta nung Guidance Councilor namin.

**"OPO!"** sigaw naming dalawa. Nagkatinginan pa kami kasi sabay kaming nagsalita.

**"Namiss kong makita yung mukha mo na tumatawa at nakangiti."** bigla tuloy nawala yung ngiti ko at nagpatuloy na lang sa pagsusulat.

**"Monic, galit ka ba sa akin?"**

Gosssshhh. Namiss kong marinig na banggitin niya ang palayaw ko >\_\_\_\_\_< Errr! NO!  
Tama na Monica >\_\_\_\_<



**"Hindi."** sabi ko ng di tumitingin sa kanya, pinagpatuloy ko lang ang pagsusulat. "Eh bakit parang hindi na tayo close tulad nung dati?" tanong niya.

**"Malay ko."** sabi ko. **"Ayan! Tapos na ako. Puntahan ko na si Ma'am Guidance"** sabi ko at tumayo pero hinawakan niya ako sa wrist.

**"Sabay tayong umuwi mamaya."** sabi niya. Kaya naman napalingon ako sa kanya. "Sasakay ako eh."

**"Ihahatid kita para mas safe."**

**"Ayoko, kaya ko naman eh."**

**"Maglaro na lang tayo. Kapag natalo kita, sabay tayong uuwi, pero kapag hindi. Hindi na kita kukulitin."**

Binitawan niya yung pagkakahawak niya sa wrist ko at umupo ulit. **"Sige ano ba yung game?"** tanong ko.

**"Staring Game."**

Bigla naman akong napalunok. Hindi pa kasi ako naglalaro nun eh. Pero sige itry natin, ayoko na din kasing kulitin niya ako eh.

**"Game. Pagkatapos nito hindi ka na mangungulit ah?"** paninigurado ko. Tumango lang siya.

Nagpangalumbaba na siya at ganun din ako. Magkaharap kami at medyo malapit ang mukha sa isa't isa gaya ng rule sa game.

Yung tibok ng puso ko ay parang sasabog na ewan. Ngayon ko na lang ulit siya natitigan ng ganito, dati kasi lagi akong nakatitig sa kanya eh. Saka close kami..

Pero siguro pinakaworst na ang mainlove sa kanya, ang manhid kasi sobra.

**"Ohhh! Umiiyak ka."** bigla naman akong napahawak sa pisngi ko pero wala namang luha.  
**"Pumikit ka!"** sabi niya at tumawa.

SHEMMZZ!!! >\_\_\_\_\_<

**"Ang daya mo!"** sigaw ko. **"Oh ano na? Malapit ng mag uwian yung mga panghapon! Tapos na ba kayo?"** tanong ni Ma'am Guidance.

**"Opo!"** sabi ko. Napatingin naman ako kay Emman. **"Tapos na din ako nuh kanina pa."** sabi niya.

Agad agad naming binigay yung pinasulat kay Ma'am Guidance at lumabas na ng school.

\*\*\*

**"Oyy sabay tayo."** kalabit niya sa braso ko pero hindi ko padin siya pinapansin at patuloy ako sa paglalakad.

**"Ayoko, dinaya mo lang ako eh."** sabi ko habang hindi nakatingin sa kanya. Bigla na lang siya tumakbo sa harapan ko kaya nauntog ako sa kanya.

**"Anlaki mong harapng."** sabi ko ng pataray habang nakayuko. **"Galit ka talaga sa akin."** sabi niya ng malungkot. Anak naman ng tokwa, naawa ako >\_\_\_\_<

**"Hindi nga sabi."** tapos medyo tinulak ko siya ng bahagya kaya nakadaan ako at nagsimula ng maglakad.

Nakaramdam na lang ako ng may kumapit sa braso ko.

Bigla nanamang bumilis ang tibok ng puso ko dahil siya yung kumapit.

**"OY ANU BA!!"** pagreklamo ko, para kasi siyang linta ngayon at nakakapit pa talaga. Pilit kong inalis yung pagkakakapit niya pero ayaw talaga.

**"Sabay muna tayong umuwi."** Hindi ko na lang siya pinansin at patuloy na lang sa paglalakad. Di bale malapit na ang sakayan ng jeep.

Habang naglalakad ako ay nakakapit padin siya pero walang umiimik sa amin hanggang sa makarating na lang kami sa sakayan ng jeep.

**"Bitaw"**

**"AYAW"**

**"ISA!"**

**"Dalawa!"** - Emman

**"Magagalit talaga ako."** sabi ko ng may pagbabanta.

**"Yun naman pala eh."** sabi ko kasi inalis na niya yung pagkakakapit niya sa akin.

Nagulat na lang ako ng bigla siyang humarang sa daan.

**"MAGPAPAKAMATAY AKO KAPAG HINDI TAYO SABAY UMUWI!"** sigaw niya sa akin tapos tumingin siya sa papalapit na sasakyan.

\*PIPEEEEEEEEEPP

Agad agad ko naman siyang hinila.

**"SIRAULO KA TALAGA! GUSTO MO NA BA TALAGANG MAMATAY HA?!"** sigaw ko sa kanya. Pero hindi siya umimik at niyakap niya lang ako.

**"OYY ANO? PAPAKAMATAY KAYO?!"** sigaw nung driver. Napatingin naman si Emman sa kanya pero nakayakap padin sa akin. **"Sorry po! Hindi po kasi ako pinapatawad ng girlfriend ko eh, kaya mas gugustuhin ko na lang mamatay kaysa hindi kami bati."**

**"SA SUSUNOD TUMALON KA NA LANG SA TULAY! NANDADAMAY KA PA!"** pagkasabi nun nung driver ay agad agad nitong pinaharurot ang kanyang sasakyan.

**"Oyy! Nababaliw ka na ba talaga ha?! Bitawan mo nga ako."**

**"Ayoko, sige ka magpapakamatay ulit ako."**

**"G\*gi ka talaga!"**

Naramdaman kong mas humigpit yung yakap niya sa akin. Mas lalong tumibok yung puso ko na parang feeling ko ay lalabas na yung puso ko sa sobrang lakas nito sa pagtibok.

**"HUUY! ANO?! MANYAK KA NA NGAYON?!"** sigaw ko. **"Bakit ka tinawag nung lalaki na yung kanina?"**

**"Anong pinagsasabi mo? Bitawan mo nga sabi ako eh!"** pilit ko siyang hinihiwalay sa akin pero para siyang tarsier na sobrang makayakap sa puno.

**"Sagutin mo muna yung tanong ko."**

**"Ano ba kasi yun? Hindi ko kasi magets?"**

**"Kanina tinawag ka nung lalaki na yun nung recess, bakit?"**

Sino ba yung tinutukoy niya? Ahhh ... Si Aldrin.

**"Bakit mo natanong?"**

**"Sagutin mo na lang, sige ka hindi kita pakakawalan."**

**"Eh kasi sabi niya sabihin ko daw kay Ezra na maglaban sila bukas ng Staring Game."**

Narinig ko siyang nagbuntong hininga.

**"Talaga? Yun lang?"** tumango lang ako. **"Bakit nagseselos ka?!"**

Bigla na lang ako napatakip sa bibig ko dahil nagulat ako sa nasambit ko. Bigla din siyang napabitaw sa pagkakayakap sa akin.

**"Joke lang yun. Hehe! Sige sabay na tayo!"** sabi ko na lang at biglang tumalikod. Nagsimula nadin akong maglakad ng medyo mabilis, tsk tsk! Mamaya kung ano pa isipin nun.

Tekaaaa! Dba dapat ako ang mag-isip? Bakit niya pala ako niyakap?!

Lilingon na dapat ako sa kanya kaso hinawakan niya na pala ako sa braso ko at hinarap sa kanya.

**"Paano kung sabihin kong nagselos ako?"**

Bigla akong natigilan at nakatitig padin sa kanya kasi hindi magsink in sa akin yung sinabi niya.

**"Ba-bakit ka naman magseselos?"** tanong ko.

**"A-ano! Takte? Hindi mo padin gets?"** sabi niya habang kinakamot yung ulo niya.

Na ano? Na Love niya na ako? Weeeh. Imposible talaga. EH hindi na nga kami niyan nagkakasama halos limang bwan na dahil nilayuan ko na siya. Pero nagkakausap padin naman kami lalo na sa mga school activities saka madalas ko siyang kagrupa sa mga subjects.

Ayoko maging Feelers.

Umiling na lang ako. Nagbuntong hininga siya at nagsalita ulit.

**"Hindi ko alam kung bakit ka lumayo na lang bigla sa akin. Inisip ko nga dati siguro boring na ako kasama. Na nacocornihan ka na sa mga biro ko."**

**"Pero nung lumayo ka para bang lagi na lang kulang ang araw ko. Kahit nakikita ng marami na masaya ako, pakitang tao lang yun kasi ang totoo malungkot talaga ako."**



**"Kapag umuuwi ako ikaw lagi ang naiisip ko kasi nasanay akong ikaw lagi ang kasama ko kapag umuuwi, hindi naman kita kayang magawang malapitan at kausapin ng seryoso kaya nga nakakausap lang kita kapag inaasar kita eh."**

**"Teka-- Naguguluhan na ako sayo Emman."**

**"Pero nalaman ko lang ang dahilan kung bakit ako ganito nung kelan lang, ang shunga ko talaga!"** sabi niya at binatukan ang sarili niya.

**"Natuwa kasi ako nung malaman kong Crush mo ako."**

Bigla naman akong umiwas ng tingin sa kanya. Nakakahiya talaga yung araw na yun. Pero medyo matagal na yung araw na yun ah? >\_\_\_\_<

**"Pero nakakainis kasi hindi padin kita kayang malapitan, hindi ko alam samantalang magkalapit lang naman tayo pero para bang ang layo layo mo. Kaya nga hanggang tanaw na lang ako sayo eh."**

**"Teka nga-- Ano bang pinagsasabi mo ha?"**

**"Hindi mo padin magets?! Tae naman oh! Kailangan pa bang sabihin yun?!"**

**"Ang ano ba?!"**

Kulit naman ng lahi nito. Pwede niya namang sabihin na "JOKE LANG, Acting lang" tsss.

**"Aisssh! Ang hirap naman sabihin!"**

Hinila niya ako at niyakap..

**"Mahal kita Monica. Mahal na mahal."**

Para bang tumigil ang mundo ko sa sinabi niya.

**"Ano?"**

**"ADIK! SABI KO MAHAL KITA!"**

Napangiti na ako ng sobrang sobrang sobra.

**"Bwisit ka!"** sabi ko sa kanya at niyakap ko din siya. **"Bakit nanaman? May nagawa ba ako?"**

**"SIRAULO KA KASI EH! MAHAL DIN KITA! Matagal na..."**

**"Talaga? Bakit hindi mo sinabi?"**

**"Eh baliw ka eh! Mamaya pagtripan mo lang ako!"**

**"Monica, tayo na ah?"**

Humiwalay ako ng pagkakayakap sa kanya at binatukan siya. **"Hindi mo muna ba ako liligawan bago maging tayo?"** sabi ko sabay pout.

Umiling lang siya habang nakangiti.

Tumalikod ako sa kanya at naglakad na papalayo. Nakakainis! Gusto ko pa naman maranasan na ligawan ng isang Lalaki. Hayyy bahala siya diyan. >\_\_\_\_<

**"AYOKO KASI NA NAUUNA ANG LIGAW BAGO MAGING KAYO! Alam mo ba kung ano yung TAMA?!?!?"** sigaw niya, pero hindi padin ako lumingon sa kanya.

So mali pala sa kanya yung ganun? Tsss >\_\_\_\_\_<

Pabigat ng pabigat ang mga lakad ko na parang nagdadabog.

Tsss.

Naramdaman ko na lang na may yumakap sa akin mula sa likod kaya napatigil ako.

*"Araw araw kasi dapat nililigawan ang girlfriend.."*

\*\*\*\*\*

Pagkauwi ko sa bahay ay para daw akong baliw na hindi mawala ang mga ngiti sa labi. Yung tipong pinagalitan ako ng Nanay ko kasi bakit daw ako naguidance, pero hindi ko lang siya pinapansin dahil sobrang saya ko padin.

Naalala ko tuloy yung magkaholding hands pa kami umuwi. Hahaha! Grabe nakakakaba pala yung ganun noh?

Yung feeling na. Nakakailang XDD First time na may kaholding hands wushuu hahaha

^ \_\_\_\_\_ ^

Pero nakakakilig talaga yung sinabi niya. Mwahehehe! Araw araw akong liligawan ng boyfie ko. tralalala.

Sabi nila ang MALAS daw ang 13. Pero napatunayan kong *hindi yun totoo*.

Because 13 is one of the Memorable Day that I will never forget ^\_\_\_\_\_^

It's **OUR DAY**.

**LUCKY 13** :)

=====

Nabasa niyo na ba yung Dedma? May pagkakahawig talaga ang Love Story na Emman at Monica tsaka yung Love Story sa Dedma.

Hindi na po ako gagawa ng sequel doon, kasi parang ganito din yung kalalabasan nun eh :))

Yun lang po.

**Votes and Comments** are Highly Appreciated ^\_\_\_\_\_^

### **Chapter Three: Titig**

#### **Monica's POV**

Bigla na lang may tumakip ng mga mata ko. Hinawakan ko ang kamay niya.

**"Emman?"**

**"It's boyfie."** pagdidiin niya. Napangiti naman ako.

**"Happy Monthsary Gf."**

**"Happy Monthsary din Boyfie."**

Sabi ko sabay yakap sa kanya.

**"For you."** binigyan niya ako ng 1 Rose and 1 Chocolate. Take note! Favorite chocolate ko pa. TOBLERONE \*O\*

Yayy! Sarap! Naalala ko tuloy yung araw na sinagot ko siya, tapos kinabukasan, hindi ko talaga inakalang ganun yung magiging panliligaw niya sa unang araw namin.

**=FlashBack=**

***-Valentines Day-***

**"Monica! Tara!"** sigaw ni Ezra sa akin at hinila ako. "Wuui teka lang! Ibababa ko muna kaya yung bag ko." pagrereklamo ko.

**"Chillax lang bestfriend, kailangan na talaga eh."** sabi ni Ezra at hinila ako papuntang court. Hanggang sa matanaw ko si Emman sa stage.

May hawak itong gitara.

May malaking Banner na nasa likod niya.

♥♥ HAPPY 1st Daysary MAHAL KONG GF ♥♥

Yan yung nakasulat. Hindi ko napigilan ang umiyak. Napahawak ako sa bibig ko kasi as in SHOCKS talaga >\_\_\_\_<

**[Play the Video at the Right Side]**

♪♪ Ngiti ♪♪



Nagsimula siyang tumugtog.

♪♪ *Minamasdan kita*  
*Nang hindi mo alam*  
*Pinapangarap kong ikaw ay akin*  
*Mapupulang labi*  
*At matinkad mong ngiti*  
*Umaabot hanggang sa langit* ♪♪

Naiiyak talaga ako :'(

Paano ba naman kasi? Kanta ko sa kanya to dati. Nung hindi ko pa pinipigilan na mainlove sa kanya.

♪♪ *Huwag ka lang titingin sa akin*  
*At baka matunaw ang puso kong sabik* ♪♪

Napuno ng mga estudyante ang covered court.

Pero kahit na ganon, para bang siya lang yung nakikita ko.

Sinabayan ng mga tao ang pagkanta ni Emman.

♪♪ *Sa iyong ngiti ako'y nahuhumaling*  
*At sa tuwing ikaw ay gagalaw*  
*Ang mundo ko'y tumitigil*  
*Para lang sayo*  
*Ang awit ng aking puso*  
*Sana'y mapansin mo rin*  
*Ang lihim kong pagtingin* ♪♪

♪♪ *Minamahal kita ng di mo alam*  
*Huwag ka sanang magagalit*  
*TINAMAAN YATA TALAGA ANG AKING PUSO...*  
*Na dati akala ko'y MANHID...* ♪♪

Diniinan niya yung mga part na talagang patama.

♪♪ *Hindi pa rin makalapit*  
*Inuunahan ng kaba sa aking dibdib* ♪♪

♪♪ *Sa iyong ngiti ako'y nahuhumaling*  
*At sa tuwing ikaw ay lalapit*  
*Ang mundo ko'y tumitigil*  
*Ang pangalan mo sinisigaw ng puso*  
*Sana'y madama mo rin*  
*Ang lihim kong pagtingin* ♪♪

Pagkatapos niyang kumanta ay agad agad siyang bumaba sa stage at lumapit sa akin.

**"Sabi ko hindi kita paiiyakin eh, hayyy pero napaiyak kita."** sabi niya ng malungkot.

**"BALIW KA TALAGA! Siyempre MASAYA!"** sabi ko.

**"YIEEEEEEEEE!!!!!!!!!"** halos nabingi kami sa hiyawan ng mga tao sa court.

**"For you."** sabi niya sabay abot sa akin ng isang piraso na Honey Chocolate.

**"Wala pang pera si Boyfie mo eh, pero sa susunod yung favorite chocolate mo na ang ibibigay ko sayo."**

**"BWISIT KA TALAGA!!! Masyado kang nakakatouch!"** sigaw ko habang pinupunasan ang mga luha ko.

**"I LOVE YOU TOO GF!"** sabi niya sabay hug sa akin.

=EndOfFlashBack=

**"Oh bakit parang maluluha ka na sa binigay ko? Ayaw mo ba?"** tanong niya.

**"Nakakainis ka kasi eh! Masyado mo akong finofall sayo ng sobra! Ayan tuloy! Nalungkot na ako! Malapit na tayo grumaduate! Mamimiss kita ng sobra!"** sabi ko at pinunasan yung luha ko. Tae lungs ilang day na lang gagraduate na kami =\_\_\_\_\_ =

**"Lagi naman kitang pupuntahan sa inyo eh, at gaya ng sabi ko. Araw araw kong liligawan ang Gf ko."**

Napangiti naman ako ng sobra.

**"I love you Boyfie!"** sabi ko at agad agad ko siyang kiniss sa cheeks.

Para naman siyang baliw na sobrang tumawa ng wagas.

**"Best Monthsary Gift ever." - Emman**

**"Tignan mo ohhh! Kiniss niya yung boyfriend niya! Samantalang ikaw hindi"** napatigil kami ni Emman at tumingin sa nagsalita na parang bata. Si Aldrin pala.

**"Ewan ko sayo! Matagal pa monthsary natin wag excited!"** sabi ni Ezra sa kanya.

Natawa nalang kami ni Emman sa kanila.

Paano naging sila? Tanong niyo si Ezra XDD

## **Ezra's POV**

Baliw talaga tong boyfriend ko XDD

**"San mo ako ikikiss kapag monthsary na natin."** di ko lang siya pinansin at patuloy sa paglalakad. Recess time kasi ngayon kaya magkasama kami at kaya din magkasama yung super sweet couple na yun.

**"Ezra! Oy! SAN MO NGA SABI AKO IKI--"** hindi niya na natuloy yung sinabi niya kasi agad agad kong tinakpan yung bibig niya.

Baliw talaga to! Hindi na nahiya! >\_\_\_\_<

**"Hindi mo ba alam na nasa canteen na tayo ha?!"**

**"Sorry na \*pout\*" - Aldrin**

**"Wag ka ngang mag pout!"**

**"Bakit? parang gusto mo na ba akong iki--"** tinakpan ko ulit yung bibig niya. **"Siraulo ka talaga. Isa pa! Ikikiskis natin yang nguso mo sa pader."**

Hindi na siya nagsalita at bumili na kami ng pagkain.

\*\*\*

**"Ezra, iloveyou."**

**"Wag ka nga! Hindi bagay sa atin maging sweet!"** sabi ko sabay tulak sa kanya. Andito kasi kami sa room ko, tapos pwede naman siyang umupo sa tabing upuan ko, dun pa talaga siya nakisiksik sa upuan ko.

Tama yung sinabi ko, hindi talaga bagay sa amin na maging sweet. Wala nga kaming call sign ng mokong na to eh. Hahaha!

**"Ayaw pa ni Ezra oh!"** pangangantyaw ng mga kaklase ko.

Paano ba naging kami ni Aldrin? Ganito kasi yun.

**=Flashback=**

*-Valentines Day-*

Hindi talaga ako makaget over sa LoveTeam na Boyfie and GF! Gosshh talaga kanina! Feeling ko mas kinikilig pa ako sa bestfriend ko! HAHAH x))

Ang sweet sweet lang ni Emman xDD

Pero habang papalapit na ang Recess ay unti unti na nabago ang mood ko. Napalitan na ito sa sobrang kabado.

Mamaya kasi makakalaban ko si Aldrin sa Staring Game. WAAHHH T\_\_\_\_\_T

**"Ezraaaa! Recess na! Nakita ko ng papunta dito si Aldrin!"** sigaw ni Monica sa akin.  
**"Monic! Pwede bang umatras na lang?"** sabi ko.

**"Nu kaba! Sabi ko wala kang inuurungan eh!"** sabi niya. **"Waahhh bestfriend help mehhh."**

**"Ezra kaya mo yan! Ikaw kaya yung Staring Queen!"** pagchicheer sa akin ni Emman.

Huminga na lang ako ng malalim.

**"Ohh.. Andiyang na pala siya eh."** sabi ni Monica kaya naman lalo akong kinabahan. Makita ko palang mukha niya ay sobra ng tumibok ang puso ko ng malakas. Hindi ko aakalaing makakalaban ko ang First Love ko. At STARING GAME pa to >\_\_\_\_<

GULP.

**"ETO YUNG INAABANGAN KO KAHAPON PA!"** sigaw ni Leo.

Tinulak naman na ako ni Monica papuntang table ng Teacher. Nakita kong nandun na si Aldrin at nakaready na ito sa pakikipagtitigan.

Ang gwapo talaga SHEMAYY >\_\_\_\_<

Nagpangalumbaba na ako at pumikit muna.

**"Start."** pagkasabi niya nun ay agad agad kong binuksan ang mga mata ko.

**SHOCCKSSS! DEAR READERS WAG NIYONG GAGAWIN ITO! DAHIL HINDI KAYO MAKAKAHINGA >\_\_\_\_<**

Nakita ko si Aldrin na nakangiti ng sobra. Para bang mapupunit na ang mga labi nito. Nang-aasar ba siya?



**"Pulang pula na mukha mo, nag make up ka ba?"** sabi niya na may halong pang-aasar. Kaya naman nagtawanan lahat ng mga kaklase ko.

Hindi ko lang siya pinansin at tinitigan padin sa mata. GOSSHH!!

I feel na nagtatumbling na ang mga bulate ko sa tiyan! HAHAHA XDD

Feeling ko sasabog na din ako. AYOKO NA >\_\_\_\_\_<

**"Kumurap ka."** sabi niya. At pagkatapos nun ay naghiyawan na ang mga kaklase ko. Itinaas nila ang kamay ni Aldrin na para bang naging CHAMPION.

**"WHOOOOOO!! GALING MO ALDRIN!"** - Emman

Natalo ako huhuhu =\_\_\_\_\_ =

**"Ano kaparusahan ni Ezra?"** tanong ni Monica.

*"Isusuko niya ang puso niya sa akin."*

Biglang natahimik ang buong classroom..

**"BOOOOOOOM!!!!!!!!!"** sabi ni Leo at nagtawanan na ang mga kaklase ko.

**"YIEEEEEEEEE! NAYS EZRAAAA!"** sigaw ni Monica na parang kinilig. Alam niya kasi ang nararamdaman ko para kay Aldrin.

Hindi ko napansin na umalis na pala si Aldrin sa room.

At as in NGANGA padin ako sa sinabi niya.

\*\*\*\*

Nung uwian ay nauna na ako na umuwi. May lakad pa ata yung new couple eh, ayoko naman na makasira sa moment nung dalawa. Tapos nung makarating ako sa gate ay nakita ko si Aldrin. Medyo kinabahan nga ako nung nakita ko siya eh, tapos dahil sa ayaw kong maging feelers nilagpasan ko lang siya. Malay natin na joke niya lang pala yun diba?

"**Ezra.**" napatigil ako nung binanggit niya ang name ko nasa likod ko na pala siya at nakasunod. Tumigil naman ako sa paglalakad. "**Ba-bakit?**" nauutal utal ko pang pagkakasabi.

"**Ano-- Saglit lang to.**" sabi niya at agad agad akong hinawakan sa kamay at tumakbo.

Nakarating kami sa isang park. Nung medyo hiningal kami ay umupo lang kami sa isang bench.

Nang nabalot na ng katahimikan ang paligid, napagdesisyunan ko na na magsalita.

"**Ald--**"

"**Seryoso ako.**" mabilis na pagkakasabi niya.

**"Ta-talaga? Bakit???"** curious kong tanong. Napatawa siya ng konti. **"Crush na talaga kita dati pa. I love the way you smile. Natutuwa ako na nagpapaturo ka sa akin. Nacucutan ako sa pagiging makulit mo."**

Napangiti na lang ako sa sinabi niya habang sinusway sway ko yung paa ko. >///<

**"And i miss your presence lalo na at hindi na tayo magkaklase. Alam ko na talaga dati pa na crush mo din ako, hindi ko lang sinasabi."**

Para naman nagakyatan ang dugo ko sa mukha ko. Nakakahiya >\_\_\_< SINO NAGSABI NUN?!  
XDD

**"Tapos may nakapagsabi sa akin na may nanliligaw daw sayo, nung araw na yun nalungkot talaga ako. Ang engot ko kasi inisip ko na gwapo ako at matalino kaya ako padin ang magiging crush mo."**

Ano ka ba naman Aldrin! Tama yung inisip mo hihi xDD Sino ba yung nanliligaw na yun?  
Ahhh. Baka si Leo! HAHAAAAHA! Tsss!

Kalokohan lang yung ligaw ligaw na yun eh ahahha x)

**"Mali talaga yung pag-iisip na masyadong kampante. Ezra..."** napatingin naman ako sa kanya kasi sinabi niya yung name ko.

**"pwede mo bang isuko na ang puso mo sa akin?"**

**"Te-teka... akala ko ba crush mo lang ako??"**

Umiling lang siya at ngumiti.

**"Nainlove kasi ako..**

**Sa *TITIG* mo..."**

**=EndOfFlashback=**

Kileeg ako nun. NYAHAHAHA! Nanligaw sa akin si Aldrin for about one week bago ko siya Sagutin. Mwahaha x)) Pachoosy epek pa siyempre XDD

Kaya yun?! nasanay ang mga kaklase ko na lagi nandito si Aldrin.

Kita niyo pagbabago ni Aldrin? Dati ang seryoso talaga eh. Ngayon parang adik lang sa daan!  
HAHAHA! Nahawaan ng kakulitan ko xDD

Back to reality. Nasa Classroom kami at nakaupo sa iisang upuan. Ayaw talaga kasing umalis,  
bahala siya diyan xDD

Kinuha ko na lang yung cellphone ko at naglaro.

**"Ano nilalaro mo?"** tanong ni Aldrin at nakapatong na yung ulo niya sa shoulder ko. **"Bakit ang sweet mo ata?"** sabi ko ng hindi tumitingin sa kanya at naglalaro padin.

**"Nagseselos kasi ako eh."** natawa ako sa sinabi niya. **"Ang gara mo lang magselos ah? Pag nagseselos nagiging sweet?"**

**"Nakakainis talaga."** dugtong niya. Napatingin naman ako sa kanya. **"Sino ba kasi pinagseselosan mo?"** natatawa kong pagkakasabi.

**"Hindi sino! Ano kamo."**

**"Edi ano??"**

**"Yang cellphone mo."** sabi niya. **"Eh? Baliw lang?"** sabi ko habang nakatitig padin sa nilalaro ko. Pero nakangiti na ako ng sobra. Kinikilig >//<

**"Eh kasi yan tinititigan mo ng matagal samantalang sa akin hindi."** pagmamaktol niya. Edi humarap ako sa kanya.

**\*SMACK\***

O\_\_\_\_\_O

***KRIIIIIIIINGGGGGGGGGGGGGGGGGGGGG***

*"Omoo-- nakita niyo yun?"*

*"Waahh ang cute nila."*

Napahawak na lang ako sa labi ko. SIRAULO TALAGA YUN >\_\_\_\_\_<

>///<

Nung hinanap ko siya ng tingin ay hindi ko siya makita. Lagot tлага sa akin yun. Napatingin ako sa pintuan at andun siya habang nakangiti ng wagas.

Kung pwede lang mapunit yung labi niya napunit na >\_\_\_\_\_<

**"I LOVE YOU EZRA!!!!!"**

=====

**Author's Message:**

*Ekkkk 6 hours kong ginawa. HAHAHA! Sakit sa mata XDD*

*Salamat po sa pagtitiyagang basahin ang mga kalokohan ko! HAHAHA <3*

*Hindi ko alam kung anong magiging reaksiyon niyo dito, pero isa lang masasabi ko.*

**SALAMAT ^ \_\_\_\_\_ ^**

**Thanks to all readers! I love you all!! <3**



**VOTES AND COMMENTS are Highly Appreciated <3**

**GOD BLESS ^\_\_\_\_\_^**